JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Hustong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines

**Department of Education**

**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**


# 5

*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# Filipino

## Ikatatlong Markahan- Modyul 5: Salitang Magkakasalungat at Magkakasingkahulugan



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jeanette Calasang Obordo

**Mga Editor:** Lindo O. Adasa Jr.
Shayne Everette U. Eldian
Philip D. Caermare

**Tagasuri:** Julieta H. Tibon
Roderick R. Luna
Jane J. Maghinay

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Edgardo Jamilar, Jr.

**Tagalapat:** Peter Alavanza,

**Tagapamahala:** Felix Romy A. Triambulo, CESO V
Oliver B. Talaoc, Ed. D.
Ella Grace M. Tagupa
Jephone P. Yorong, Ed D
Lindo O. Adasa Jr.



# Alamin

Ang modyul na ito ay nagbibigay ng bagong matutuhan ninyo sa linggong ito. Pagkatapos ng pagsagot ninyo sa modyul, inaasahan na :

*Naibibigay ang mga salitang magkakasalungat at magkakasingkahulugan.



# Balikan

**I. Panuto:** Gamitin ang wastong pang-angkop sa pag-uugnay sa mga sumusunod na pares na mga salita. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

_______1. Matalik_____ magkaibigan ang dalawa____ mag-aaral.

a. na, ng     b. ng, na     c. mga , na     d. ang, mga

_______2. Masaya_____ bumalik ang tatay sa kaniyang mahal_____ pamilya.

a. ang, mga     b. ng, na     c. na, ng     d. na, mga

_______3. Probinsiya_____ mutya ang tawag niya sa lugar_____ pinagmulan.

a. na, ang     b. ang, mga     c. na, ng     d. ng, na

_______4. Ang babae_____ maganda ay bituin_____ marikit para sa kaniya.

a. ang, na     b. na, mga     c. ng, ng     d. ng, mga

_______5. Mahusay______ guro ang inilagay sa klase_____ maingay.

a. ng ,mga     b. ang, mga     c. na, ang     d. na, ng

| Aralin 5 | Mga Salitang Magkakasingkahulugan at Magkakasalungat |
|---|---|



# Tuklasin

Ang mga ***salitang magkakasingkahulugan*** ay mga salitang may magkakatulad na kuhulugan o ibig sabihin. Halimbawa nito ay mayaman at mariwasa , bagyo at unos, mainit at maalinsangan at iba pa.

Ang mga ***salitang magkakasalungat*** naman ay mga salitang magkakaiba o magkakabaligtad ang kahulugan o ibig sabihin. Halimbawa nito ay madilim at maliwanag, masaya at malungkot , malakas at mahina at marami pang iba.

A. Isulat sa patlang ang **kasingkahulugan** ng mga salitang nabasa ninyo kanina sa pag-uusap ng magkaibigang Jean at Ann. Ayusin ang mga titik upang mabuo ang tamang sagot.

1. maganda - _______________ ( rkiamit )
2. taniman - _______________ ( laahnanam)
3. alam - ___________________ ( abdit )
4. nagtatrabaho- ________________(hagnaahyahabunp )
5. magkaklase - __________________(magakakgam-lara)

B. Ibigay naman ang salitang **kasalungat** ng mga sumusunod:

1. masipag –
2. maganda –
3. wala –
4. nanay –
5. umaga -



# Suriin

Basahin mo nang mabuti ang talata tungkol sa pandemya na naranasan natin ngayon.Pagkatapos, isulat sa loob ng tsart ang salitang kasingkahulugan ng mga sinalungguhitang salita. Hanapin ang sagot na nakapaloob sa talata. Itala naman ang salitang kasalungat nito sa nakalaang hanay.

Ayon sa Kagawaran ng Kalusugan, ang *coronaviruses* ay isang malaking pamilya ng *virus* na nagdudulot ng iba't ibang sakit, mula sa karaniwang karamdaman na ubo't sipon hanggang sa mas malubhang mga impeksyon at **malalang** *pneumonia* na nagsimula sa bansang China at kumalat na sa iba pang mga bansa at syudad.. Ang *novel coronavirus* ay isang bagong uri ng *coronavirus* na hindi pa natatagpuan sa mga tao noon at karaniwang **nakikita** sa mga hayop lamang. Noong ika-12 ng Pebrero ng kasalukuyang taon ay ipinahayag ng *World Health Organization* (WHO) na ang sakit na ito ay opisyal nang pinangalanan at tinatawag na *Coronavirus Disease 19* o *COVID-19*.

Sa kasalukuyan, marami na ang nagkakasakit ng *COVID-19* sa ating bansa. Ang karamihan sa mga kaso ng *COVID-19* ay mayroong bahagyang mga sintomas lamang lalo na sa mga bata at *young adults*. Maliit lamang ang posibilidad na kakailanganing maospital ng mga apektadong pasyente.Sa katunayan , ayon sa datos, **kaunti** lamang ang mga batang nagkakasakit nito.

Sa kabilang banda, siguraduhing proteksyunan ang sarili upang maiwasan ang pagkalat ng *COVID-19 virus* sa iyong mga mahal sa buhay at komunidad. Ugaliing gawin ang tamang paghuhugas ng mga kamay, *social distancing*, pagsusuot ng *face mask* ,tamang pag-ubo at panatilihin ang malakas at **malusog** na *immune system*. Bukod dito, maaaring sundin ang mga payo at abiso mula sa pamahalaan at mga lokal na opisyal partikular na ang pag-iwas sa mga malawakang salu-salo, **malakihang** pagtitipon o pagpunta sa mga matataong lugar at makikitid na mga kalye na kadalasang walang distansiya ang magkakasalubong na mga tao.

Dapat tandaan maniwala lamang sa tamang impormasyon at **tumpak** na datos ng Kagawaran ng Kalusugan *(DOH)* at lehitimong mga ahensiya. Huwag padadala sa mga maling balita na inyong nababasa o naririnig upang maiwasan ang pagkabahala.

| sinalungguhitang salita | salitang kasingkahulugan | salitang kasalungat |
|---|---|---|
| 1.malubhang | malala | bahagya |
| 2.natatagpuan | | |
| 3.maliit | | |
| 4.malakas | | |
| 5.malawakang | | |
| 6. tama | | |



# Pagyamanin

Alam mo ba na mahalaga sa pagsusulat ng isang talata ang mga ***salitang magkakasingkahulugan*** at ***magkakasalungat ?***

Magiging mahusay ang pagsusulat ng talata kung gagamit ng mga salitang hindi paulit-ulit. Mas magandang gamitin rito ang mga ***salitang magkakasingkahulugan***.

Ginagamit naman ang mga ***salitang magkakasalungat*** upang ipakita ang kaibahan ng katangian , kahulugan, kalagayan o mensahe na nais ipaalam sa talata.

Punan ng salitang kasingkahulugan ng sinalungguhitang salita kung kasunod ay patlang at kung ito naman ay kahon, isulat ang salitang kasalungat nito.(5 puntos)

Ang Covid-19 ay sakit na hindi ninais o ________________ ng sinuman. Ngunit, sa ayaw natin o sa [ ] , wala na tayong magagawa upang baguhin at balikan ang simula.

Gaya ng paraan ng pagtuturo sa ngayon, modyul man o online learning , dapat nating seryosohin ang pag-aaral. Mahirap man sa karamihan pero mas [ ] naman para sa iilang mag-aaral. Lalo na kung may magtuturong mga magulang o kapatid at may nakahandang internet.

Kahit ganito ang nangyayari, isipin natin na ang lumbay na naranasan natin sa panahon ng pandemya, nagdudulot man ito ng ____________ sa ating mga puso.Balang araw, sisikat rin ang magandang araw at __________________ na umaga



# Gawain

## Gawain 1

**Panuto:**. Piliin sa kahon ang salitang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit . Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang na nakalaan sa bawat bilang.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| a. magaling | b. mabuti | c. mabango | d. maligaya | e. masagana | f. masigasig |

______1. Masaya ang nanay ko ngayon,

______2. Umusbong na kasi ang maraming bulaklak sa kanyang halamanan.

______3. Mahusay mag-alaga ang nanay ko ng mga halaman.

______4. Tinulungan siya ng masipag kong tatay pagdating mula sa trabaho.

______5. Siyempre, tumulong rin ang mabait nilang anak.

## Gawain 2

Panuto: Bilugan ang salitang kasalungat ng nakahilig na salita ng unang pangungusap. Makikita ang sagot sa pangalawang pangungusap .

1. Marami ang naging ***problema*** sa pagsisimula ng klase.Ngunit, sa pagdaan ng mga araw,nakakita rin ng magagandang solusyon ang Kagawaran ng Edukasyon

2. Naging ***negatibo*** man ang iilan. Marami pa rin ang naging positibo sa pagtanggap dito.

3. Nagtutulungan ang mga guro , magulang at mga ***masipag*** na mag-aaral upang mairaos ang unang markahan. Hindi magtatagumpay ang mga tamad ngayon!

4. Alam ko na may dala mang ***lungkot*** ang panahon ng pandemya.May saya ring bunga ito.

5. Nagiging ***matatag*** ang pamilyang PIlipino. Sa kabila ng marupok na sitwasyon ng ekonomiya ngayon.

**Gawain 3**

Panuto: Isulat sa papel ang salitang kasingkahulugan o kasalungat ng sinalungguhitang salita upang mabuo ang talata batay sa hinihingi ng bawat bilang. Unang bilang ang halimbawa sa pagsagot nito.

Gawing (1)madalas ang paghuhugas ng kamay. Magsuot ng facemask at dapat (2)akma ang pagkasuot nito sa ating mukha. Iwasan natin ang paghawak sa mata, ilong at bibig.Takpan ang ilong kung ikaw ay babahing. Iwasan ang lugar na may (3)maraming tao. Panatiling (4)malinis ang loob at labas ng inyong (5) tahanan. Panatilihing (6)malusog ang katawan . Huwag ring kalimutan, magdasal ng taimtim sa Panginoon.Sa ganitong paraan , maiwasan natin ang sakit na *Covid 19*.

1. kasalungat - bihira
2. kasingkahulugan -
3. kasalungat -
4. kasalungat -
5. kasingkahulugan –
6. kasalungat -



# Isaisip

Sagutin ang mga sumusunod na tanong sa ibaba.

1. Ano ang mga salitang magkakasingkahulugan ?
( 3 puntos)

2. Ano ang mga salitang magkakasalungat?
( 3 puntos)

3. Bakit mahalaga ang mga ito sa isang talata?
( 4 puntos)



# Tayahin

**A. Panuto:** Bilugan ang titik ng salitang kasingkahulugan ng sinalungguhitang salita.

1.<u>Nadiskubre</u> ni Aileen ang talento niya sa pagguhit nang nawalan siya ng trabaho sa panahon ng pandemya.
a. nakuha b. nalaman c. naisip d. naisulat

2. Sa madalas na pagdarasal, <u>payapa</u> ang isip ni Nette sa kabila ng mga problema.
a. tahimik b. magulo c. mahina d. malinis

3. Ang mga <u>batang</u> may edad na 15 at pababa ay hindi maaring lumabas ng bahay.
a. matanda b. magulang c. dalaga d. musmos

4.<u>Masayang</u> sinagot ni Hazel ang mga modyul na kinuha ng nanay niya sa paaralan.
a. malungkot b. maganda c. maligaya d. maayos

5. Malusog ang batang si Nora dahil <u>madalas</u> siyang kumakain ng prutas at gulay.
a. palagi b. bihira c. madalang d. maaga

**B. Panuto:** Isulat ang salitang kasalungat ng salitang nakasulat nang ***pahilig*** sa talata.

Ang batang si Joel ay (1)***masipag*** na bata. (2)***Palagi*** siyang tumutulong sa mga gawaing bahay. Sinikap niyang (3)***madaling*** matapos ang trabaho niya. Pagkatapos, sagutin naman niya ang mga modyul .Nagdasal siya na sana (4)***tama*** lahat ng sagot niya sa mga ito. Hindi lang masipag na bata si Joel, (5)***matalino*** rin siya.

1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________
4. ____________________
5. ____________________



# Karagdagang Gawain

Panuto : Magbigay ng limang mga salitang magkakasalungat at limang salitang magkakasingkahulugan.

Mga Salitang Magkakasalungat

1.

2.

3.

4.

5.

Mga Salitang Magkakasingkahulugan

6.

7.

8.

9

10.



# *Susi sa Pagwawasto*

| Balikan | Tuklasin | Suriin |
| --- | --- | --- |
| 1. a | A. 1. marikit | 1. malala - banayad |
| 2. b | 2. halamanan | 2. nakikita - nawawala |
| 3. d | 3. batid | 3. kaunti - marami |
| 4. c | 4. naghahanapbuhay | 4. malusog - mahina |
| 5. d | 5. magkakamag-aral | 5. malakihan – masikip , makitid - makipot |
| | B. 1. tamad, batugan | 6. tumpak – mali |
| | 2. pangit | |
| | 3. Mayroon | |
| | 4. tatay | |
| | 5. Gabi, hapon | |

| Pagyamanin | Gawain A | Gawain B | Gawain C |
|---|---|---|---|
| 1. ginusto | 1. d | 1. solusyon | 2. angkop , |
| bagay | | | |
| 2. gusto | 2. e | 2. positibo | 3. kaunti |
| 3. madali | 3. a | 3. tamad | 4. marumi |
| 4. lungkot | 4. f | 4. saya | 5. bahay |
| 5. marikit | 5. b | 5. mahina | 6. malakas, |
| mataba | | | |

Tayahin
1. b
2. a
3. d
4. c
5. a
6. tamad, batugan
7. bihira , madalang
8. matagal
9. mali
10. bubo, mapuurol, mangmang

# *Sanggunian:*


Department of Health, https://www.doh.gov.ph/COVID-19/FAQs-Filipino

Hiyas sa Wika 4, Lydia P. Lalunio,Ph.D. at Francisco G. Ril, Binagong Edisyon2010p. 112

#iQuestionPh , https://www.youtube.com/watch?v=vxfQILm7luU

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men and Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.